

**Presidential Communications Operations Office  
Presidential News Desk**

**SPEECH OF  
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE  
DURING HIS VISIT TO TAGUIG CITY CENTER FOR THE ELDERLY**

[Delivered at the Taguig City Center for the Elderly, #1630 Ipil-Ipil, North Signal, Taguig City | 21 November 2019]

Kindly sit down.

House Speaker Alan Peter Cayetano and his lovely wife, Congresswoman Maria Laarni Cayetano; Senator Bong Go; Senator Pia Cayetano; Taguig City Mayor Lino Cayetano and the other local government officials present; distinguished guests; ladies and gentlemen.

This is indeed an auspicious occasion as we pay tribute to our parents and grandparents who have sacrificed everything in order to raise their families well.

The Filipino elderly are indeed close to my heart not only because I am one of them, but especially because I understand how much effort they exert just to give their children a better life.

Senior citizens, as integral members of the Filipino family, deserve utmost care and support after fruitful years of contributing to nation-building.

Now is the time that we give back to them by letting them know how grateful we are for having them and by honoring their crucial role in our lives.

I thank the City Government of Taguig for organizing this event and for taking the initiative to provide for the needs of our senior citizens.

Ako gusto kong magsalita ng Tagalog hindi ko lang talaga kaya. Well, the little Tagalog that I learned when I was young. Davao is a mix of so many tribes, nandoon lahat. But `yung aming Tagalog was one of those dialects. Pero kami marunong. Marunong kami ng Tagalog nang kaunti, hindi naman `yung malalim at marunong kami mag-Ilonggo, nakakapag-intindi kami ng

Ilokano. Hindi mo ako maloloko kasi `pag laking Davao ganun, halo-halo ang aming dialect. Iyong neighbor mo, `yung classmate mo, `yung mga --- other citizens of the city.

I would love to talk in Tagalog but I am not just really up to it. They have been through a lot of trials and tribulations. Totoo talaga `yan. Putulin ko ito.

Noong namatay ang tatay ko at the age of 56. Ang... May mga negosyo kami pero ang negosyo puro utang. Kaya ang nanay ko hindi malaman kung anong gawain for suddenly nawala `yung partner niya sa buhay niya. Naawa ako sa nanay ko. She got into a depression for about four months. Walang ginawa kung hindi matulog. Iyon ang signs ng depression eh. Iyong sige tulog nang tulog. So maybe they want to forget their worries.

I don't know if I have one but sa karaming magagandang babae dito, matanda man o bata, hindi ako talaga magkaroon ng depression kailanman. *[laughter and applause]* Titignan ko lang kayo nang ganun, sasabihin ko, "Kay gandang bata yata ma'am noong bata ka pa."

Then I look at the other young girls and I would say that I am lucky to have traveled life... Umabot ako ng 74 naging Presidente pa ako na hindi ko naman talaga akalain.

And I don't know why but alam mo `yang presidency is a gift from God. The more you covet for it, mas hindi ibigay ng Diyos. Hayaan mo lang. Kung ano lang ibigay. At what are your expectations? None. I leave it to God. He's everything.

Iyan ang masabi ko. And most importantly he has set the rules of life for us in this world. And if I may just mention it in passing, although this is not part of my speech, ako po'y natuto magbasa ng Bible. And it was my mother who was a teacher and she was a native at that. Iyong laking Mindanao lang, Mestiza-Maranao.

But she guided me, she converted into being a Christian. Basa-basa ng Bible. Then she came up with this... Well, hinanap niya, the seasons of life. It is found in Ecclesiastes 3, the seasons of life. There is a time for happiness, there is a time for sorrow. As there is a time for plenty, and there is a time for want. And there is a time for joy and a time to ponder and a time to be healthy --- aabot ka niyan walang sakit for a longest time, then as you grow old, a time to be sickly.

A time to --- may mga ambisyon ka and a time also to be disappointed. Kagaya ko, Senator, si Congresswoman, ah si Senator Bong, Speaker, we

are the brightest stars today. Magtingin ka sa political na langit at makikita mo kami shining. But I know that in about two years' time, that light would dim and I would be nothing.

Ganun ang buhay. There is a time for everything in this world. So a time to be young and a time to be old. And a time to be grateful and a time to be just ano --- walang iba.

But tayo --- my mother took care of us. Ang nanay ko noon ang disiplina grabe. Kung ano lang ang mahawakan niya iyon ang ihampas sa akin. And yet my father was --- hanggang ang tatay ko hanggang hmmm. Pero ako natuto na tuloy talaga lalo na ang mga p\*\*\*\*\* i\*\*\*\*\* adik na `yan. *[laughter]* Aabutin ko siya.

Grabe ako magkastigo pati `yung pulis na ano na --- kasi nakuha ko `yon sa nanay ko. Ayaw ko na ring huminto `pag naumpisahan ko. That's why sa mga anak `yan noong na-mayor ako, I was very strict in implementing against `yung --- hindi naman violence but `yung pagdisiplina na dala bugbog. Hindi talaga.

Isang pitik pero sabihin mo bugbugin mo ang bata. Ako I --- at an early age, twice, thrice a week nandoon ako sa altar ng... Nakadupa kami ang... May family crucifix kami si Jesus, kaibigan ko. Every time maghaharapan kami nang ganun tapos sabihin ko sa kanya, "Jesus, pareho talaga tayo ng swerte." Sabi ni Hesukristo, "Tama, sige magdusa tayong lahat."

Eh ako lang I have passed that stage. I have become a grown-up, married, and be President. Pero si Hesukristo nandoon nakabitay pa rin. Noon nakaganun, ngayon nakaganun na. *[laughter]* Sabi ko, well, that's life.

What I am really saying is marunong tayong mag-connect. The Cayetanos know how to connect. Inuna talaga itong mga ganito. Kasi marami kayo... Meron rin akong `yung sa amin. Pero iyon namang amin sprawling. Eh malaki ang lupa eh. Hindi kagaya dito sa Maynila medyo mahal. That I started when I was only two years mayor. I was mayor for 23 years sa Davao.

Merong akong sa ano... But up there, makita mo --- dalhin ko minsan si Lani ipakita ko may parang mansion talaga. I spent about 32 million. It's like a big house and `yung mga inmates doon are not really elderly but halo-halo. But fundamentally, they are the victims of incest. `Yung ang tatay ng anak niya, tatay rin niya, `yung kapatid niya, lolo niya. So itinatago ko `yan because mahiya eh.

Lahat `yan sila kung may problema na ganun, dinadala ko rin doon sa --- wala... Pati ako hindi ako nagpunta. I have prohibited media in Davao to... Hindi nga sila makalapit. Pero ako nagbibisita ako every Christmas. Nakikita ko sila, `yung anak nila, `yung anak nila, kapatid nila, o anak ng tatay niya, tiyuhin. Those are the victims of incest and rape. Doon ko sila inilalagay.

Meron akong for the addicts, may doctor --- matagal na `yan. Panahon pa ni Gloria. Siya nag-inaugurate, siya ang presidente. Usually ganun, presidente man talaga.

Ngayon, ang drug addict, `yung hanggang ngayon hindi talaga ma --- hindi na talaga magamot kasi nakatingin na lang doon sa bubong 24 oras tapos mahal ngayon ang NH... Nagkaroon pa tayo ng rice shortage. Sabi ko, `yung wala na itapon mo na lang sa ilog `yang mga... May buwaya pa naman sa Davao. May naiwan pa.

So Davao is not quite really an urban place, but it's an area --- rural. It's a rustic --- kombinasyon. Pero like Lani, Alan Peter, and Lino, `yung may vision ka. Tapos na ako. Iniwan ko sa anak ko `yung Davao. Eh `yung sabi nilang ano, family dynasty.

Eh sabi ko magpatakbo ako ng iba, ayaw ko na. Eh magsabi `yung mga tao, "Ah huwag. Si ano --- `yung anak mo na ano, `yung --- `yung anak mo." Sabi ko, "Gusto ninyo?" "Oo `yun si ano, si Inday ganun." "O sige, gusto ninyo? Sabihin ko." Talaga sinabi ko sa kanila taga-Davao, `yang taga-Davao dito.

Bantay kayo sa anak kong ito kasi babae ito pero --- ayon binugbog nga `yung sheriff. *[laughter]* `Di ba sabi ko na. Tapos istrikto. Kaya mas gusto nila `yung kapatid, `yung bunso. `Yun naman ayaw talaga.

Nung mag-pilian na. Ikaw, ikaw man `yung alpha Alan sa pamilya. Sa pamilya namin, hindi. Sabihin ko sa inyo hindi `yan totoo, hindi ako, si Inday. Kung sabihin ni Inday, ganito, ganito `yan. Sa pamilya namin, siya `yan.

Ngayon, eh si Pulong ambisyon --- ambisyoso `yan. Nasa Congress ngayon. Pero itong Sebastian, ang gusto niyan babae lang, pasyal, kung ano. Tapos ayaw, ayaw tumakbo.

So tinawag siya ni Inday, sinabi ni Inday, "Ano tatakbo ka o hindi?" Sabi niya, "Sige na lang `te, magtakbo na lang ako." *[laughter]* Kasi nung maliit pa makita mo kung sipain ni Inday `yun, lumilipad talaga hanggang kusina. *[laughter]* Takot na takot sa...

Pati `yan si Pulong. `Yung Pulong na `yan palasing-lasing. Kung ganyan, tawagin niyo si Inday. Iyan si Inday, straight `yan maski nasusuka na. Takot `yan sa kapatid nilang babae. Lumaki sila binubugbog...

Kasi ganito. Sabi ko sa kanila, huwag ninyong saktan ang kapatid ninyong babae. Kasi bubugbugin ko talaga kayo. Sabi nila, "Siya man ang una, Pa. Sinuntok niya ako, sinipa." "Hayaan mo, g\*\*\*. Lalaki ka, magpakalalaki ka. Hindi ka --- babae `yan." Eh naglaki `yan si Inday, suntok dito, sipa doon. *[laughter]* Noong lumaki na sila, wala na silang magawa kasi *[garbled]*... Totoo. `Yun doon kasi dahil, "Huwag na huwag ninyong saktan. `Pag sinaktan mo `yang babaeng kapatid ninyo, iisa lang eh. Talagang bubug --- ikaw ang bubugbugin ko." Kaya si Inday lumaki puro --- sanay. *[laughter]*

Our parents, our grandfathers, our grandmothers went through a lot of trials and tribulations, and all that we, in government, can do is to show concern by making their lives easier through accessible medical services, reliable financial assistance, and worthwhile recreational facilities.

Sa Davao, libre ang medisina. `Yung --- `yang ngayon, `yung tulong at malasakit. Actually, that's a local. Ngayon kasi sa ospital, pagdating mo, lalo na --- makainit ng ulo. Alam mo sa ospital pagdating doon, na may intern titingnan ka. Tapos pagreseta, wala kang pera. Kaya `yan, ganun na lang ang buhos ko sa medisina `yung --- malaki ang budget sa... Sabi ko, bigyan ninyo.

Now ngayon sa probinsya maraming wakwak. Dito maghawak `yang medisina, sabihin sige bili, maghiram. Dito magpunta ka sa Malasakit Center, ibigay mo, kunin ng Malasakit doon sa botika ng gobyerno. Ayan o, ilista mo. Utang ng gobyerno. Tatal ang kinuha gobyerno man rin. Pagdating ng panahon, sa bayaran, ay p\*\*\*\*\* i\*\* hayaan mo `yan.

Walang bayad `yan eh gobyerno `yan. Tapos ang binibigyan mo Pilipino. So what's the...? Palugi. Palugi na kagaya ng tariffication.

Let me stress it again. Kasi hindi kasi naintindihan. Nandiyan kasi `yung --- I'm trying to take advantage of the opportunity kasi nandiyan ang media.

Simple lang po. Ganito. Ito `yung producers, ito `yung consumers. `Yan. Producers ng palay, ito ang consumers. Ito si producer, may pino-produce para sa mga consumers, pagkain, bigas. Ang problema, hanggang dito lang

siya. Hangga't hindi mo maasahan, sabihin mong hindi ka mag-import. Delikado 'yan. Dumaan tayo ng ilang buwan o ilang taon 'yun.

Ang mga tao ninenerbiyos na. You know the Filipino is visual. 'Pag nakita niya 'yung mga bigas ganun na lang 'yung mga sako, cavañes, magdadaldal 'yun, "wala na tayong pagkain."

Kaya sabi ko kay Manny Piñol, itaas mo 'yan hanggang sa ceiling. Magbili ka. Kaya sinabi ko kasi walang --- may batas noon eh. Magkuha ka pa ng --- mag-import ka, kukuha ka pa ng permit sa gobyerno, halimbawa quota-quota.

Sabi ko, "P\*\*\*\*\* i\*\* alisin mo 'yan." Sabi ko any --- anyone, libre mag-import. Tapos about ito --- sabi nila, paano kami? 'Yung aming produce? 'Yung farmgate namin kung puntahan mo doon, ganito lang ang --- ganito ang presyo. Eh mas mahal kasi dito mura. Importation ito eh. So dito talaga bibili 'yung consumers.

Wala man tayong magawa. So sabi ko, 'yung produce nito, ano ang na-harvest ninyo, sabi ko parang walang gulo, sabi ko kay Dar, "Bilihin mo lahat."

Kung mataas ang presyo kaysa import --- imported rice, huwag na bale, bilihin mo. Pataasan mo doon sa imported rice. Ngayon, kunin mo lahat. Ilagay mo sa bodega natin. Ang mangyari magsobra-sobra ating bigas.

So what's the problem? Kainin man rin 'yan. 'Di unahin 'yung old stock. Tatal 24 hours a day, 365 days a year. Kumakain tayo lahat. Ngayon, kung mas mahal 'yung kanilang presyo binili ni DAR, 'di nalugi. Nalugi ang gobyerno kasi bumili ng mahal. So? Lugi tayo. Magkano? Siguro mga two billion. O 'di lugi. Sinong nalugi? Sila. Pera man nila 'yung binili ng bigas nila. Kayo, ako, tayong Pilipino. Pero ang mga producers napaligaya natin at nagpalugi lahat.

Ang binayaran na lang natin 'yung lugi natin. 'Yun lang. Tatal pera man ng tao 'yan. Bilihin mo galing sa... 'Di bilihin mo lahat. Sabihin sa iyo, "Malugi na tayo." Eh 'di magpalugi ka eh. Ngayon... Wala akong pera. Ah bahala na si Cayetano diyan mag-imprensa sila ng kwarta. [applause] Speaker sila. Gumawa sila ng papel diyan wala akong...

'Yan ang malasakit. Magtanggap ka ng pekeng pera. Ibig sabihin lugi talaga. Ang lugi ang buong Pilipinas. Anong nalugi natin? Dahil sa tulong natin. O 'di bilihin natin 'yung sakit ng ulo nila at sakit ng ulo --- puso rin natin. Makita mo 'yang kababayan mo na nalulugi o ano.

Ganun lang naman ang producer. Simple lang. Producer, consumers, `yan lang. Bilihin mo. Tapos. Corruption? Eh bakit maging corruption `yan. Bilihin mo sa Pilipino para hindi...

These benefits will surely make them healthier and more productive as they endure old age. These [will] also be their source of strength and inspiration as they continue to enjoy their lives and share in our collective task of developing and nurturing society.

Pareho tayo dito. Ano, dagdagan ko pa. Marami ngayon nagda-dialysis naghihintay. Hindi ka makapag-dialysis kasi walang time slot. Hanggang dito ka lang. Sabihin ng doctor ang sakit mo grabe na. It needs three times a week.

`Yung iba walang mapuntahan, pera nila. And they cannot sustain. Hindi wala --- 98 percent sa atin pareho tayo mahirap.

Ako, ma-ospital ako, four months maganda ang kwarto. After that, pulubi na ang pamilya ko. Ganon din ang --- wala --- hindi... There is no eternal money.

Kaya nga tama ito. Wala sa ospital, dito sila magpunta. Pero sa akin extended building tapos... May I advise everybody dagdagan ninyo kasi ang diabetes tatamaan halos tayong lahat.

Ang diabetes po ay hindi `yan --- it's not a germ, it is not a virus, it is not a bacteria. Eh ang diabetes may pagkukulang ka lang sa insulin mo o wala ka ng insulin. Ang katawan nagbibigay niyan para pagkain mo ma... Kung wala ka niyan, `yun, mag-ano `yung kidney mo. Kaya na-dialysis. `Yun lang `yan.

Dapat mas marami `yan kasi maraming Pilipino. Alam mo bakit? Sa Asia, it's an epidemic. Why? Thailand, Indonesia. It's really an epidemic. Why? Because we eat rice. Bigyan mo ako ng ulam tapos pan sabihin ko, "Eh bigyan mo ako kan-on." Kan-on is kanin.

Wala man kumakain ng pan sa afritada. Hindi ka mabusog. *[laughter]* Kulang ang utot mo. *[laughter]*

I join the City Government of Taguig in its mission to alleviate the plight of the elderly population. As one of the country's highly urbanized cities, I give due recognition [to] its efforts in securing the welfare of this vulnerable sector.

Alam mo, may isa pa. Vulnerable, itong vaping. Ewan ko kung sinong demonyo nag-imbento niyan. *[laughter]* Ipinapanap ko nga. I-extrajudicial killing ko `yung g\*\*\*\*\* `yun. *[laughter]* T\*\*\* i\*\*. Totoo. Magpunta `yan dito...

Sino bang --- saan ang pulis? Nawala man lagi `yung pulis diyan? Utusan mo, patayin mo `yang p\*\*\*\*\* i\*\*. *[laughter]*

Ang --- ang... Ang bawal kasi ang sigarilyo bawal in public place. Punta kayo ng Davao maski gabi ang tao maglakad walang naninigarilyo. Outside. Sakyanan, bawal; in a room, bawal.

Saan siya maghanap ng ano? Saan ang smoking area? May mga building walang smoking area. Eh `di kainin mo `yang sigarilyo mo. Pare... *[laughter]* Gusto mo rin pa lang mamatay p\*\*\*\*\* i\*\* ng cancer eh. *[laughter]* Isali mo na pati bituka mo.

Kasi `yan --- cigarette, it's allowed. Why cannot we ban cigarettes? Why? Because we allow its manufacture and maybe the importation of tobacco. We allow it, pinapayagan natin tapos we tax them.

So `yung produce nila, `yung sigarilyo na lumalabas sa factory hindi natin mapigilan. Eh ipagbili na sila sa tao. Wala. Pero sabi ko harmful `yan. So hindi mo magamit `yan kung saan-saan. Noon marami, pati ako nanigarilyo eh. Pero pagdating ng panahon, sabi ko huwag. Maski diyan sa hagdanan hindi. Maghanap ka talaga saan. Karamihan niyan mag-rent sa kubeta diyan sa loob ng building. `Pag maamoy, wala. At `yung - `pag `yung --- `yung naghinto ng sigarilyo alam ninyo gaano ka... Mas mabaho sa amin `yan. Iyong sigarilyo na mag... Talagang --- you'd hate it. Kaya ganon.

Nicotine. Eh itong sabi --- itong vaping may nicotine. Kung hindi ka ba ulol, may nicotine pero may inilagay kayo na mga flavoring diyan at mga... Hindi ko alam kung ano. Hindi mo kasi inimport (import) `yan, idinaan mo sa FDA. Usually tayo we follow the Western standard. `Pag lumusot `yan sa America, lusot `yan dito.

Pero ganito. Manigarilyo ka, vaping, sabi mo *[puffs]* Pareho rin nanigarilyo ka. Sabihin mo sa labas. Eh ngayon bawal manigarilyo. May batas na `yan. Ang hinahabol ko ang nicotine. Sabi nila, "Anong vaping? Anong illegal?" G\*\*\* ka, p\*\*\*\*\*... Nicotine `yan tapos may chemist --- chemicals diyan na hindi ko alam kung ano. At pinapatay ninyo ang mga anak namin.



Kaya sabi ko sa pulis hulihin ninyo basta in public. Eh may nicotine eh. Parang sigarilyo. Eh 'di bawal. Pati 'yung sa display. Wala namang ano, ipatanggal na ninyo. Hindi ako papayag ng ganyan. Hindi dumaan eh. Ang sigarilyo dumaan na.

Sabi ng mga scientist, nicotine is --- will kill you. Now if you want to die, go ahead. Kaya ang tatay ko at 56, two packs a day. Sabi ko --- sabi ko babagsak 'to. Medyo obese. Alam ko sigarilyo 'yun. Alam ko sigarilyo 'yun. Kaya hindi nila alam tayong mga tatay may sakit tayo hindi natin ipinapaalam. Sikreto tayo magpagamot.

So 'yung mga security niya puro sarado pero alam ko sigarilyo. Kasi nakikita ko. Ako, naninigarilyo rin pero hindi ganun. 'Yung lighter --- kaya ako 'yung pik, Ronson. Marinig ko, pik, pik. Ibig sabihin wala nang kahintuan 'pag nandiyan siya.

At mabuti't na lang 'yung nanay ko nag-survive. You do not smoke inside the house because you will also kill your wife. At 'yang mga p\*\*\*\*\* j\*\*\*\* g\*\*\*, magsigarilyo nandiyan pa 'yung mga anak nila. Kasi 'yung usok na galing dito, nicotine pa rin ang dala-dala niyan.

Kaya 'yung husband and wife pareho ang sakit cancer, 'yung mag-asawa. Mabuti't na lang matatag ang katawan ng nanay ko. Tatay ko 56. My mother died at the age of 96. Oo. Ako, okay na ako kasi anong oras.

Sabi nga doon sa... There is a time to live and a time to die. So hindi man natin alam. Siya rin may sabi na ano "die," 'di 'yung death will just find a reason to fulfill that statement --- that narrative of "there is a time to live and a time to die." Wala na tayong magawa niyan.

I hope that your local officials will carry on with the city's banner of malasakit for the elderly even as they continue to sustain Taguig's rapidly booming economy.

Napakaswerte ninyo, napakaswerte ninyo sa mga Cayetanos talaga. Si --- the late senator. They molded. Huwag na ang Davao ganun kasi taga-roon kami eh. We molded. Dito...

Ako, ang Davao, it's now the richest city. Pareho tayo ng lupa. Presyo ng Maynila ang presyo ng Davao. Anak ka ng... At sa ngayon, malaman mo mag-boom. Ako, malaman ko.

Alam mo, tsini-check ko lang 'yan. Toyota, pinapatawagan ko. Magkano ang... Maski dito ngayon. Ilang cars? Ilang ang napabili nila? Tawagan mo lahat. Tapos gasolina. Ang consumption ng gasolina.

Tapos tawagan ko ang... Ilang ang takbo ng kuryente ngayon? Mas ma-ano? Mataas? So alam ko that there is progress. Tinignan ko dito sa ano --- Taguig, napakayaman. Lupa.

Pumunta sila dito because Taguig is now a place safe to invest and it is clean and there is less crime. Iyan ang sikreto. Ang Davao, kung hindi ko pinatay 'yung mga p\*\*\*\*\* i\*\*\*\*\* 'yon, magulo.

So 'nung sinabi ko "ayaw ko 'yan, huwag mong gawin 'yan," kasi I want to make a peaceful city para makapasyal ang ating mga anak, they can claim back the right to be in the plaza unmolested, undisturbed, makauwi sila.

Hindi --- gusto ko na ang mga nanay, tatay hindi manerbiyos. Hindi kagaya dito 'yung taga-bangko nag-uwi malakas ang ulan. Sige siya katok. Hindi naman maringgan ng nanay pati tatay niya. Hindi naman mag... So lumapit 'yung mga construction workers. Ayon, ni-rape. Dinala lang doon sa construction site. Ganun. Pagkaganun ang buhay ng... So iwanan na natin itong Pilipinas. Sila na lang human rights magtira dito.

Sige, p\*\*\*\*\* i\*\* ninyo. Magsama kayo diyan sa mga... Anong klase 'yan? Pagkahindi --- hindi na makalakad ang tao sa --- papuntang eskwelahan, 'yung mga salesgirl pag-uwi gabi alas-onse, alas... Alam mo, nakaka... Naaawa ako.

Alam mo, ganito. Nandiyan man sila ano. Six years ago na-Presidente ako. Sabi ng mga economic planners ko, "You would need money to fix EDSA." EDSA was really... It's...

Nung pag-ano pa lang --- pag-mention pa lang doon mga senador nagsabi, "Ah, malaking pera 'yan. Makurakot lang 'yan." Narinig ko. Eh 'di sabi ko, "Huwag na. Sige na. Let EDSA rot." P\*\*\*\*\* i\*\* kayo. Sige. Kung ganun tingin niyo sa akin.

Ngayon, two years na, nung nabasa ninyo, narinig niyo, "We are ready to give the..." B\*\*\*s\*\*\*. B\*\*\*s\*\*\* kayo. Alam mo bakit? Two years na lang. Anong magagawa ko sa two years? Mag-iiwan ako ng mga projects na hindi talaga matapos.

Ang gestation period lang sa papel, it's about six months. P\*\*\*\*\* i\*\* itong gobyernong ito ganito kahina eh. So pagdating niyan, mag-alis ako, puro naumpisahan, sabihin ng mga tao, sabihin ng mga kalaban mo, "O tingnan mo Duterte, umalis. Tignan mo 'yung mga projects, iniwan."

Eh 'yung pera, siguro 'yung pera dinala na. Ang pinakaayaw ko, you can accuse me of anything except corruption. Hindi talaga mangyayari 'yan. Hindi ako magiging mayor ng 22 years ng Davao kung nangurakot ako. Hindi naman ugok 'yang mga taga-Davao. Puro dayo 'yan at matalino.

Kaya kung ako ang guest ninyo, maglagay kayo ng pitsel diyan. Eh magdala --- madaldal, ayaw maghintó. *[laughter]*

I really appreciate your commitment in ensuring that no constituent—regardless of gender, status or age—will be left behind as your city continues to grow and prosper.

Alam mo Alan, Congressman, hayaan mo 'yan sila magsalita kung ganun. Do not mind them. Ang sabi, Taguig ganun ang asawa tapos kapatid. Hayaan mo. Kay kung sila padalhin mo dito, p\*\*\* ma... You'd lose the momentum at hindi mo alam ang commitment. Ang karamihan pa naman 'pag nandiyan papasok ng gobyerno nasa isip pera.

For me, this program is an honest proof of your solidarity with the national government in promoting inclusivity, fairness and good governance. May you continue to support this administration's development agenda and I wish that your pursuit to uplift the lives of our senior citizens will be emulated by other city and municipal governments in the country.

Alam mo, inspired ako diyan. Someday, kung... Huwag kayong maniwala na walang pera ang gobyerno. Nasaan na ang mga pera nakolekta? Nawala? Sabihin na walang ano. Bahala kayo diyan sa Congress kung ganun. Maghanap kayo. May pera... You...

Sabihan mo nandiyan si Dominguez pati 'yung ano... You produce money and I... Ilabas ninyo kung saan 'yung pera diyan. Huwag ninyong taguin kay hindi 'yan... Hindi naman ano 'yan. So kung ano ang kailangan ninyo balang araw, sabihin lang ninyo.

Ikaw na lang. You craft your own... I'm sure si Speaker nandiyan. Approved kaagad basta para sa tao. Wala akong ano --- 'yung sabihin na ganun. 'Yung cauldron ni... 'Yung cauldron was designed by a national artist.

'Pag ang artista, painter, lumapit ka, "Pwede mo akong gawain ng..." "Oo, sige." "Magkano ang singil mo sa akin?" "Wow, maganda." "50,000." "Ha? Ha?" "Iyon ang talent ko eh." Gaya ng cauldron.

Nilapitan mo ang national artist, "Pwede kang mag-design?" "Oo." "Magkano ang kubra mo?" "45 million." "Ha?" "Kung ayaw mo eh 'di huwag."

You are buying his talent and 'yung cauldron is the rendition of what you got him in for. Kaya walang corruption 'yan kasi hindi mo 'yan... Ang presyo niyan, nandoon, namatay na. Ang siningil niya, 45 million. Eh kung ayaw mo, 'di maghanap ka ng ibang artist. Eh mas gusto nila, eh 'di 'yon. Hindi mo na sasabihin mo "i-bidding mo 'yan". Bidding.

Bigyan mo akong --- bigyan mo ako ng artistic talent mo diyan. Okay, but you pay. It is my idea and I sculpt it. So 'yan.

Hindi mo masabi na siya 'yung may-ari ng idea niya. Kagaya ng Davao, si Kublai Millan, mahal ang bayad. 'Yung sa park tapos 'yung sa kanto 'yang may durian. Sabi ng mga ulol, o hindi man makita namin ang durian niyan. Tama ka, hindi durian 'yan, bakal 'yan, p\*\*\*\*\* i\*\*\*\*\* 'yan. *[laughter]* O, gusto mo kainin? Kitkitin mo? Kitkitin mo.

Eh 'yung sabi na "overpriced". Kaya pinahinto ko 'yang Davao 'yung People's Park? Ipinahinto ko. Sabi, "corruption". Sabi ko, "stop". Sabi ko, "COA, i-audit mo kami." Kung may piso diyan na ano, sabi ko, file it, file charges immediately. O pagkatapos, wala. Ah sige.

Tapos 'yun nga, 'yung durian ang last. Hindi nga durian kasi makita mo steel eh. Sabi pa ng mga --- alam mo mga politiko na sige lang --- ano bang tawag diyan sa... Saway sa amin sa Bisaya. Sige lang reklamo. Ah ganun 'pag may makita, ah wala. Wala nang magawa ang p\*\*\*\*\* i\*\*. Hindi niya titingnan 'yung mukha niya. Tingnan mo sa salamin 'yung mukha mo kung magkano.

Ayan sige daldal, sige daldal para may issue lang. Hindi man, wala man si Duterte, wala man kaming nakita na durian. Gusto mo ng durian? Pumunta ka ng Magsaysay Park. P\*\*\*\*\* i\*\* nakahilera doon, ubusin mo `yan, ako ang magbayad. `Yan ang durian. Ito symbolism lang ng durian ng Davao at bakal `yan.

Pero kung gusto mong kainin, p\*\*\*\*\* i\*\* mo sige. *[laughter]* I invite you to --- kitkitin mo hanggang mamatay ka l\*\*\*\*. Bwisit ako.

So congratulations on the success of this project. *[applause]* And mabuhay ang Taguig. *[applause]*

**--- END ---**

Source: PCOO-PND (Presidential News Desk)